Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-05 NG OKTUBRE, 2020 SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kieven E. Cantos | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Jess V. Sapungan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Tulay M. Caring | IPM Representative |

**HINDI NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kim Jonh Elco E. Cantos | SK Federation President |

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -x

## KAPASYAHAN BLG. 20-10-429-A

**RESOLUSYON NG KAHILINGAN KAY KGG. ALFONSO V. UMALI JR., KINATAWAN NG IKALAWANG DISTRITO, LALAWIGAN NG ORIENTAL MINDORO, NA MADAGDAGAN ANG HALAGA NG PAMIMILI NG PALAY NANG HINDI BABABA SA TATLONG PISO BAWAT KILO SA LALONG MADALING PANAHON**

"**SAPAGKAT,** pagsasaka ang pangunahing industriya sa Pilipinas, ang ating bansa ay pansiyam sa labingdalawang bansang umaani ng palay sa buong mundo, mayroon tayong matatabang lupa sa malalawak na kapatagan, dahil sa ating klima tayo ay sagana sa ulan at may maunlad na pamamaraan ng patubig kung kayat umaani ang ating magsasaka ng kahit tatlong ulit ng palay sa isang taon;

"**SAPAGKAT,** may kanya-kanyang halaga ang mga trabaho sa ating bansa, mapa- professional man o hindi, ang bawat isa ay may silbi at nakakatulong sa pag-unlad at pagsuporta sa mga pangangailangan ng isang komunidad, ngunit ang mga giliw nating magsasaka na nagbibigay ng pagkain sa ating hapag-kainan ay tila napapabayaan at napapagsawalang bahala;

"**SAPAGKAT,** isang malungkot na katotohanan na sa kabila ng apat na buwang paghihirap sa pagtatanim, pag-aani at pagbibilad ng palay ng ating masisipag na magsasaka ay napakababa parin ng kanilang kinikita sa kadahilanang napakababa rin ang presyuhan ng palay na nakatali sa dise nuwebe (PhP19.00) pesos ayon sa halaga ng pamimili ng National Food Authority (NFA);

"**SAPAGKAT,** sa halip na kabuhayan ang naidudulot ng pagpapalay ay nagiging mabigat na pasanin ito dahil karamihan sa ating mga magsasaka ay nangungutang o kumukuha ng porsyentuhang pera para magkaroon ng puhunan para sa mga binhi at abono, ang iba naman ay nagbabayad sa traktora at labor sa paglilinis ng lupa;

Scanned with CamScanner

**"SAPAGKAT**, isang nakakatakot na posibilidad na kapag nagpatuloy ang kawalan ng suporta at ayuda sa ating magpapalay ay manghihina o tuluyang mawalan ng produksyon ng bigas sa ating bansa at lalaki ang gastos ng ating pamahalaan sa pag-angkat ng mga imported na bigas;

**"SAPAGKAT,** ang munting Bayan ng Bulalacao ay matatagpuan sa dulong bahagi ng Lalawigan ng Oriental Mindoro na isang malungkot na ehemplo ng kahirapan kung saan ito ay may kabuuang 10, 325.80 hektarya ng lupang pang-agrikultura at may 6, 016 na empleyado sa sektor ng agrikultura;

**"SAPAGKAT,** ang Sanggunian Bayan ng Bulalacao ay naniniwala na kapag nadagdagan ang halaga ng pamimili ng palay, ito ay makakatulong ng higit sa ating masisipag na magsasaka, ito ay magtutustos sa lahat ng kanilang pinuhunang pera; hirap at pagod, at magpapatuloy ang masaganang produksyon ng pagsasaka ng palay sa ating bansa;

**PINAGPASYAHAN PA GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA NA;** humiling kay Kgg. Alfonso V. Umali Jr., Kinatawan ng Ikalawang Distrito, Lalawigan ng Oriental Mindoro na madagdagan ang halaga ng pamimili ng palay nang hindi bababa sa tatlong piso bawat kilo sa lalong madalaing panahon.

**SA MUNGKAHI** nina SB Member German S. Acosta, SB Member Dexter R. Gonzales at SB Member Dennes M. Faner na pinangalawahan ni SB Member Elpidio N. Contreras, Jr., ang kapasyahang ito ay…

**PINAGTIBAY":** Oktubre 05, 2020 Bulalacao, Oriental Mindoro.

---

**KGG. DEXTER R. GONZALES**
SB Member

**KGG. DENNES M. FANER**
SB Member

**KGG. EDEZER F. ACERON**
SB Member

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
SB Member

**KGG. KIEVEN E. CANTOS**
SB Member

**KGG. JESS V. SAPUNGAN**
SB Member

**KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
SB Member

**KGG. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**KGG. TULAY M. CARING**
IPM-Representative

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 10/29/2020

131020/PLP/jpc/admm

Scanned with CamScanner